
# Paggawa ng mga Desisyon sa Partisipasyon sa Pagsusulit ng Estado:




**Bakit dapat lumahok sa pagsusulit ng Estado ang mga mag-aaral na nakakaranas ng mga kapansanan?**

- Hinahayaan nito ang mga bata na ipakita kung ano ang kanilang nalalaman at ginagawa.
- Tinutukoy nito kung saan malakas ang mga programa at maaaring gayahin, pati na rin ang mga kalamangan at lugar ng pag-aaral kung saan kailangan ng karagdagang pamumuhunan upang suportahan ang mga estudyanteng nakakaranas ng mga kapansanan.

**Ano ang mga opsyon ng pagsusulit?**

- **Pangkalahatang Assessment:** Karamihan sa mga mag-aaral na nakakaranas ng mga kapansanan ay kumukuha ng pangkalahatang assessment, mayroon man o walang mga akomodasyon.
- **Pamalit na Assessment**: Ang ilang mag-aaral na nakararanas ng mga kapansanan sa pag-unawa na pinakamahalaga ay kumukuha ng Oregon Extended Assessment, isang pamalit na assessment batay sa mga pamalit na pamantayan sa pang-akademikong napagtagumpayan. May mga panandalian at pangmatagalang implikasyon sa mga mag-aaral na lumahok sa Oregon Extended Assessment kaya ang mga desisyon sa partisipasyon ay dapat gawin nang may pag-iingat.

**Ano ang mga implikasyon ng paglahok sa Pamalit na Assessment**?

- Ang panandaliang implikasyon ay ang pagtuturo sa mga mag-aaral na kumukuha ng Oregon Extended Assessment ay hindi gaanong malalim, malawak, at kumplikado kaysa sa ibang pang mga mag-aaral.

OREGON DEPARTMENT OF EDUCATION
*Oregon achieves . . . together!*

## Alam mo ba?

Kung walang mga resulta ng pagsusulit ng estado, **may panganib na ang mga inaasahan para sa pag-aaral ay maaaring bumaba**, na maaaring humantong sa:

- hindi gaaanong mahigpit na pagtuturo;
- bawas na pang-akademikong progreso;
- mas limitadong mga oportunidad pagkatapos ng high school; at
- kakulangan ng pang-akademikong impormasyon na maaasahan para sa mga mag-aaral at pamilya.

**May mga paraan upang suportahan at palakasin ang mga mag-aaral na nakararanas ng mga kapansanan kapag sila ay lumalahok sa mga pagsusulit.**

Ang mga katangian at akomodasyon sa pag-access ay makatutulong sa mga mag-aaral na ipakita kung ano ang kanilang nalalaman at magagawa sa mga pagsusulit.

- Ang mga pangmatagalang implikasyon ay ang mga mag-aaral na kumukuha ng Oregon Extended Assessment ay maaaring wala sa tamang landas upang matugunan ang mga kinakailangan para sa isang karaniwang diploma, o maaaring hindi karapat-dapat para sa ilang institusyon ng pagsasanay pagkatapos ng sekondarya, serbisyo militar, o mga trabaho.

## Paano dapat gamitin ang mga resulta ng pagsusulit ng estado?

- Ang mga resulta ng pagsusulit ng estado ay maaasahan sa antas ng grupo ng mag-aaral. Ang pagsusuri sa mga indibidwal na mag-aaral at pag-access sa mga oportunidad ng mag-aaral (gaya ng mga mapaghamong math pathway, Advanced Placement, International Baccalaureate, o mga programa para sa Talented at Gifted) ay dapat nakabatay sa **maraming pinagmumulan ng katibayan**.
- Gamitin ang mga resulta ng pagsusulit ng estado kasama ng iba pang lokal na datos upang magkaroon ng mga makabuluhang pag-uusap tungkol sa pag-aaral. Ang mga resulta ng pagsusulit ay **hindi dapat gamitin upang itakda ang indibidwal na mga layunin ng guro o mag-aaral** bilang bahagi ng proseso ng pagsusuri ng guro.

## Ano ang kailangan para sa mag-aaral para makabuluhang ma-access ang pagsusulit?

- Ipinapaliwanang ng Oregon Accessibility Manual ang available na mga suporta sa pag-access sa mga pagsusulit ng Oregon at kung kailan gagamitin ang mga ito.
- Isaalang-alang kung paano magkahalintulad o magkaiba ang mga katangian ng pagsusulit ng estado sa mga gawain ng assessment sa silid-aralan.
  - Gumagamit ba ang bata ng mga katangian o akomodasyon sa pag-access para sa isang gawain sa silid-aralan na pinapayagan para sa mga kahalintulad na gawain sa pagsusulit ng estado?
  - May iba pa bang mga pangangailangan na maaaring matugunan sa pamamagitan ng paggamit ng mga katangian o akomodasyon sa pag-access na hindi pa inaalok o ginagamit ng mag-aaral?
  - Ano ang mga patakaran hinggil sa kung aling mga katangian at akomodasyon sa pag-access ang maaaring gamitin sa mga assessment ng estado?
- Kung ang mag-aaral ay tinukoy ng pederal bilang isang Nag-aaral ng English ng pederal at nakakaranas ng mga kapansanan, tiyaking natutugunan ng mga suporta ang lahat ng kanilang mga pangangailangan na may kaugnayan sa parehong pag-aaral ng wika at ang epekto ng kanilang kapansanan.

**Makakatulong ang mga team ng IEP na matiyak na ang mga resulta ng pagsusulit ay nagpapakita ng aktwal na pagkatuto sa mag-aaral.**

- Gumamit ng mga alituntunin sa partisipasyon ng estado at anumang mga tool ng distrito upang makagawa ng mga desisyon sa partisipasyon.
- Tiyakin na ang mga mag-aaral na kumukuha ng Oregon Extended Assessment ay karapat-dapat na lumahok sa assessment na iyon.
- Magbigay ng mga kinakailangang katangian at akomodasyon sa

**Ang magulang o tagapag-alaga ay dapat na isang kalahok na may nalalaman sa mga desisyon ng partisipasyon, nagpapahiwatig na nauunawaan nila ang mga kahihinatnan ng mga desisyon.**

Ang mga desisyon tungkol sa partisipasyon sa pagsusulit ay maaring magkaroon ng mga implikasyon sa pagtuturo at mga uri ng oportunidad pagkatapos ng sekondarya at career na maaaring bukas sa mag-aaral.

Napakahalaga na ang mga magulang at tagapag-alaga ay may malinaw na pag-unawa sa mga implikasyon.

## KONTAK

ODE’s Assessment Team Webpage

Mangyaring ipadala ang anumang mga tanong, komento o rekomendasyon sa:

*ODE.AssessmentTeam@ode.oregon.gov*

*Assessment Resources ng ODE*

*Ang Tamang Assessment para sa Tamang Layunin*

*Formative Assessment Resources*

*Interim Assessment Resources*

*Oregon Accessibility Manual*

NCEO
National Center on Educational Outcomes
www.nceo.info

Ang NCEO ay sinusuportahan sa pamamagitan ng kasunduan ng pakikipagtulungan (H326G160001) sa pagitan ng University of Minnesota, National Center on Educational Outcomes (NCEO) (#H326G160001) at ng U.S. Department of Education, Office of Special Education and Rehabilitative Services (OSERS), Office of Special Education Programs. Ang mga materyales ay hindi kinakailangang sumasalamin sa posisyon o patakaran ng U.S. Department of Education o mga Tanggapan sa loob nito. Opisyal ng Proyekto: David Egnor